


GRADE IV
# KULTURA NG MGA SINAUNANG PILIPINO

## ALAMIN MO

Tingnan mabuti ang mga larawan.





Ano-ano ang ipinakikita ng mga ito?
Ganito pa rin ba namumuhay ang mga Pilipino? Ngayon?

Sa modyul na ito malalaman ang kultura ng mga sinaunang Pilipino.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang pag-aaral muli mong suriin ang mga larawan sa unang pahina.

Ipinapakita nito ang bahagi ng kultura ng mga sinaunang Pilipino.

Pangkatin mo sa kulturang materyal at kulturang di-materyal ang mga bagay na nasa larawan. Itala ito sa iyong kuwaderno.

| Materyal | Di-Materyal |
|---|---|
| | |


Ngayong malinaw na sa iyo ang pagkakaiba ng kulturang materyal at di-materyal, maaari mo nang simulan ang pag-aaral sa modyul na ito.


Malalaman mo sa modyul na ito ang marami pang bagay tungkol sa kultura ng mga unang Pilipino. Tatalakayin dito ang katangian ng materyal at di-materyal na bahagi ng ating kultura. Siguradong mapayayaman nito ang iyong kaalaman tungkol sa mga unang Pilipino.

## PAG-ARALAN MO

Masdan ang nasa larawan.










Ano ang ipinakikita ng mga larawan?
Ganito ang unang Pilipino noon.

Alam mo bang may kanya-kanyang paraan ng pamumuhay ang mga unang Pilipino. Ang paraan na ito ng kanilang pamumuhay ay tinawag na katutubong kultura. Katutubo dahil ito'y tumutukoy sa mga unang Pilipino.


Ang kultura ay may dalawang bahagi, ang materyal at di-materyal. Ang materyal na bahagi ng kultura ay tumutukoy sa mga bagay tulad ng tirahan, kasuotan, mga kasangkapan at pagkain. Ang di-materyal naman ay binubuo ng paniniwala, kaugalian, panitikan, sining, wika at pamahalaan.

Ang tirahan na ating mga ninuno ay kadalasang yari sa kahoy, kawayan, sawali, pawid o kugon. Mayroon itong batalan na may tapayang lalagyan ng tubig. Mayroon din itong silong. Dito itinatago ang mga sinibak na panggatong at pinagsisilungan ng alagang manok, pato at kambing.



**PAGKAIN**

Kanin ang itinuturing na pangunahing pagkain ng mga Pilipino. Kasama nito ang isda, mga pagkaing-dagat, karne, mga gulay at prutas. Karaniwang sa palayok iniluluto ang kanilang pagkain o kaya nama'y sa bumbong. Masarap ang kainan kapag sa dahon ng saging nakahain ang pagkain. Ang inuman nila ay pinakinis na bao ng niyog. Banga at mga bumbong ng kawayan ang imbakan ng kanilang inumin ng tubig.



**KASUOTAN**

Iba-iba ang kasuotan ng ating mga ninuno. Karaniwang nakabahag ang kalalakihan. Sa bandang Hilagang Luzon gaya ng Ifugao, may kalalakihang may tatu sa katawan. Sagisag ito ng katapangan. Bahag at putong lang ang kanilang suot.

**KASUOTAN NG LAHI**

Sa katagalugan, <u>kangan</u> ang tawag sa maikling pang-itaas ng mga lalaki. Wala itong kuwelyo at manggas. Bukas ang harapan nito at ang kulay ay nababatay sa katayuan ng nagsusuot.

Bahagi ng <u>kangan</u> ang putong sa ulo. Ang kulay ng putong ay nababatay sa katapangan ng nagsusuot.

Sa Kabisayaan, bahag at tatu sa buong katawan ang suot ng kalalakihan.

## DAMIT NG KABABAIHAN


Magkakaiba rin ang pananamit ng kababaihan. Ang iba'y walang suot na pang-itaas katulad ng mga Ita. May mga babaing may tatu, tulad ng mga Bontoc at Yakan. Ang iba'y may pang-itaas at bukas ang harap. Ang pang-ibaba naman ay tapis na hanggang tuhod.

Pangkaraniwan na sa kababaihan ang paglalagay ng palamuti sa katawan. Nagsusuot sila ng kuwintas, hikaw, singsing at pulseras na yari sa kabibe, kristal, kahoy, mga buto ng hayop at halaman, at metal.




## KASANGKAPAN AT KAGAMITAN

Yari sa bato, metal at luwad ang mga kagamitan ng ating mga ninuno.




Palayok at tapayan ang lalagyan ng tubig. Baul naman ang lalagyan ng mga damit at iba pang mahahalagang bagay. Kabibe o bao ng niyog ang ginagawang kutsara at sandok. Palayok din ang ginagamit na lutuan o kaya ay buho ng kawayan.

Ang mga sandata ay bahagi rin ng kagamitan ng ating mga ninuno. Ang sibat, pana at palaso ay ginagamit sa pagpatay ng hayop at sa pakikipaglaban. Ang mga itak at balisong ay dala-dala nila kahit saan. Mayroon silang kalasag na kahoy na ginagamit na pananggalang kapag nakikipaglaban.



**SINING AT AGHAM**

Kilala ang mga unang Pilipino sa kanilang mataas na antas ng sining. Makikita ito sa mga inukit at disenyo sa kanilang mga kagamitan, paggawa ng mga palamuti sa katawan, pagtatatu, paglililok at paghahabi (at pagtugtog ng instrumentong etniko).




Ang Ifugao ay kilala sa mga eskulturang kahoy at makukulay na hinabing tela.

Hindi rin pahuhuli ang mga T'boli at Maguindanaoan. Makulay ang kanilang kasuotan at mga palamuti sa katawan. Mahusay silang tumugtog ng kulintang, gong at agong.

May kaalaman din ang ating mga ninuno sa pagtatanim at pangingisda. May paraan sila ng paglilibing. Napapanatili nilang buo ang anyo ng namatay sa mahabang panahon. Tinatawag itong <u>mummy</u>. Matatagpuan ang mga ito sa Sagada, Mt. Province.

May kaalaman din sila sa panggagamot. Ang gamit nila ay mga dahon at ugat ng mga halaman.


Ang katangi-tanging hagdan-hagdang palayan o payyao sa Banawe ay patunay ng kanilang kaalaman sa inhenyerya.



**MUSIKA**

Noon pa mang unang panahon, bahagi ng buhay ng Pilipino ang musika. Mahusay silang tumugtog ng instrumentong etniko. Ang mga katutubo nating awitin ay nagpapahayag ng iba't ibang pangyayari sa buhay tulad ng pag-iibigan at pagkamatay.

Ang mga Ifugao sa Hilagang Luzon ay mahuhusay tumugtog ng mga instrumentong yari sa kawayan kagaya ng tungatong, bungkaka, kubing, bamboo flute at iba pa.



**PAMAHALAAN**

Ang Barangay ay nagbuhat sa salitang balangay, isang bangkang may layag. Ito ay uri ng pamahalaan ng ating mga ninuno noong unang panahon. Binubuo ito ng 30 hanggang 100 pamilya. Datu o Raha ang tawag sa puno ng barangay. Siya ang hukom at puno ng hukbo kung panahon ng digmaan sa tulong ng matatanda bilang katulong at tagapayo. Ang pinakamatapang na Datu ang pinipiling pinuno ng mga Barangay.

Namamana ang pagiging Datu. Kung walang tagapagmana, ang pagpili ay ibinabatay sa talino, lakas ng katawan at kayamanan.



**RELIHIYON**

Pagano ang ating mga ninuno. Sinasamba nila si Bathala, ang lumikha ng langit at lupa. Sinasamba rin nila ang kalikasan tulad ng araw, ilang hayop at punong-kahoy. Sumasamba rin sila sa mga anito at espiritu ng namatay na kamag-anak. Naniniwala sila na may buhay sa kabilang-buhay. Ayon sa kanila, ang mga kaluluwa ng mabubuti ay napupunta sa langit at sa impiyerno ang masasama.

## PAGSANAYAN MO

I. Subuking sagutin ang mga sumusunod na bugtong. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

- Bugtong bugtong kalibugtong
  Yaring kawayan kugon ang bubong (bahay-kubo)

- Sinigang, tinola, kanin kaniya
  Masarap ang niluto sa mukha ng paso (palayok)

- Hindi salakot, hindi sumbrero
  Kakapiraso nakapatong sa ulo (putong)

- Sakbit-sakbit, dala-dala
  Kahit saan sila pumunta. (itak at pana)

- Ihip, pukpok para tumunog
  Parang ugong, parang kulog (ethnic instrument)

- Kubli, kubli nandyan na ang hari
  Hukom at pinuno, katawa'y matipuno (Datu)

- Kankanaey, Ilonggot, ibanag, Igorot
  Hagdan hagdang palayan saan matatagpuan? (Hilagang Luzon)

- Sinipa, hinila, pinagtabi-tabi, nilala
  Makulay nilang buhay inilapat sa tela (tinalak-habing produkto)

- Hindi sa papel, hindi sa kahoy ipininta
  Parte ng kasuotan kung ito'y makita (tatu)

- Bugtong bugtong kalibugtong
  Pamahalaan noong unang panahon. (Barangay)

## TANDAAN MO

- *Mayroon ng kultura noon pa mangunang panahon ating mga ninuno. Ito ay masasabing kanila bago pa man sila nakipag-ugnayan sa mga dayuhan.*
- *Natatangi at karapat-dapat na ipagmalaki ang katutubong kultura ng mga Pilipino.*

## ISAPUSO MO

Ano ang nadarama mo sa mga sumusunod na kalagayan?

1

Ikaw ay isang mag-aaral na T-boli. Palagi kang tinutukso ng iyong mga kamag-aral. Wala raw sa uso ang iyong suot na damit. Para sa iyo, kaaya-aya at maganda ang suot mo. Nagpapahiwatig ito ng kagitingan ng inyong pangkat etniko. Paano mo haharapin ang iyong mga kamag-aral?

2

Nagkaroon ng malaking sunog sa lugar ninyo. Unang iniligtas ng iyong mga kasambahay ang mga kagamitan padala ng kuya mo galing sa abroad. Hindi na nagawa pang iligtas ang mga kagamitang pinamana pa ng iyong mga ninuno



## GAWIN MO

Batay sa mga natutuhan mo tungkol sa materyal at di-materyal na kultura ng mga unang Pilipino, mayroon pa kayong nakikitang bahagi ng materyal na kultura na ginagamit sa kasalukuyan?

Itala at iguhit ang mga ito sa malinis na papel. Gumawa ng isang album. Lagyan ito ng titulo na: "***<u>Mga Lumang Gamit ng Ating mga Ninuno</u>***"



## SAGUTIN MO

Punan ng angkop na salita ang bawat patlang. Isulat sa kuwaderno ang sagot.


1. Ang paraan ng pamumuhay ng mga tao ay tinatawag na __________.
   A. kaugalian
   B. tradisyon
   C. kultura

2. Ang tirahan, kasuotan, pagkain at mga kagamitan ay mga halimbawa ng kulturang _____________.
   A. di-materyal
   B. katutubo
   C. materyal

3. Ang bahagi ng bahay ng mga Pilipino na lalagyan ng tubig at ginagawang paliguan ay ____________.
   A. silong
   B. tapayan
   C. batalan

4. Ang pang-itaas na bahagi ng kasuotang panlalaki ay tinatawag na ___________.
   A. kangan
   B. putong
   C. patadyong

5. Ang putong ay bahagi ng kasuotang panlalaki na ilalagay sa ___________.
   A. paa
   B. baywang
   C. ulo




6. Ang disenyo na inilalagay sa katawan ng mga sinaunang Pilipino ay ____________.
   A. pinta
   B. tatu
   C. burda

7. Ang tawag sa puno ng barangay noong unang panahon ay ____________.
   A. datu
   B. kapitan
   C. tiniente

8. Ang bungkaka at kubing ay mga halimbawa ng instrumentong ____________.
   A. pagpipinta
   B. pag-uukit
   C. pangmusika

9. Ang imbakan ng tubig ng mga unang Pilipino ay ang ___________.
   A. tapayan
   B. balde
   C. dram

10. Isang halimbawa ng kulturang di-materyal ay _____________.
   A. kasuotan
   B. edukasyon
   C. kagamitang pambahay



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.